# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ____________________________ Petsa _______________ Marka _____

## Pagkilala sa Simuno at Panaguri

Isulat sa patlang ang salitang **simuno** kung ang may salungguhit ay tumutukoy sa simuno o paksa ng pangungusap. Isulat ang salitang **panaguri** kung ito ay tumutukoy sa panaguri ng pangungusap.

__________ 1. Si Ginoong Malvar ang nahalal bilang pangulo ng samahan.

__________ 2. Masayang nakilahok sa paligsahan sina Gloria at Gemma.

__________ 3. Sinusuri nang mabuti ng mga imbestigador ang mga ebidensiyang nakuha sa lugar ng krimen.

__________ 4. Sila ay tumulong sa paglikas ng mga residente mula sa mapanganib na lugar.

__________ 5. Iligpit natin ang mga nakakalat na laruan sa sahig ng sala.

__________ 6. Ang kaibigan mo ay tiyak na matutuwa sa sorpresa na inihanda mo para sa kanya.

__________ 7. Tumayo tayo nang tuwid habang inaawit ang Lupang Hinirang.

__________ 8. Napansin ng guro ang mabubuting asal na ipinamalas ng mga mag-aaral.

__________ 9. Ang mga magulang ng mga mag-aaral ay inanyayahang dumalo sa gaganaping pagtatanghal.

__________ 10. Sina Ariel, Warren, at Joshua ay naghanda ng masarap na meryenda para sa mga panauhin.

__________ 11. Nagbigay ng malaking donasyon para sa bahay ampunan ang samahan ni Ginang Santiago.

__________ 12. Ang mga turista ay hinikayat na sumali sa pagsasayaw sa parada ng pista.

© 2013 Pia Noche

LIVEWORKSHEETS